

County ng Los Angeles
Kagawaran ng
Pampublikong Serbisyong
Panlipunan
(DPSS)

Karagdagang impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon sa mga serbisyo ng DPSS, mangyaring bisitahin ang aming website -

www.dpssbenefits.lacounty.gov



Pagsasampa ng isang reklamo

Kung naniniwala ka na hindi ka nakatanggap ng tulong, maaari kang magsampa ng reklamo. Maaari ka ring magsampa ng reklamo kung sa palagay mo ay may diskriminasyon laban sa iyo dahil sa kapansanan.

Ang iyong reklamo ay maaaring isampa nang personal, pasulat, o sa telepono:

Civil Rights Section
12860 Crossroads Parkway South
City of Industry, CA 91746
Phone: (844) 586-5550
TTY: (877) 735-2929



dpss

Kailangan Mo Ba Ng Tulong?

**Karapatan para
sa mga Taong
May Kapansanan**

Hindi lahat ng kapansanan ay nakikita

Kailangan mo ba ng tulong dahil sa isang kapansanan?

Ang batas ay pinoprotektahan ang mga taong may pisikal, mental at kapansanan sa pag-unlad pati na rin ang iba sa mga malubhang problema sa kalusugan.

Mayroon ka bang isang kapansanan na nagpapahirap sa iyo upang magaplay para sa mga benepisyo o makatugon sa mga kinakailangan sa programa? Maaari ka naming bigyan ng karagdagang tulong. Hindi mo na kailangang ibigay sa amin ang iyong mga papeles sa medikal/patunay ng iyong kalagayan.

Maaari kaming makatulong sa iyo sa:

- Pagpapagaan sa pagpila
- Pagbabasa ng aming mga dokumento at mga pormularyo
- Pagkumpleto ng aming mga pormularyo
- Pagkuha ng mga dokumento na kailangan namin
- Mga pagbabago sa programa at mga kinakailangan sa trabaho
- Paggawa ng mga tipanan
- Iba pang makatwirang kaluwagan o mga agbabago

Maaaring isama sa mga kapansanan ang mga limitasyon sa:

- Paglalakad, pag-upo o pagtayo
- Pagbabasa, pag-aaral o pag-unawa
- Pagsasalita, pagdinig o pagtingin
- Paligid ng maraming tao
- Pagkawala ng memorya
- Pagharap sa damdamin



Paghiling ng isang Makatwirang Pagbabago

Upang humiling ng isang makatwirang pagbabago, maaari kang:

1. Humiling sa sinuman sa kawani ng DPSS o
2. Tumawag sa ADA Hotline (844) 586-5550, o
3. Tumawag sa Customer Service Center sa (866) 613-3777 Lunes - Biyernes, 7:30 a.m. to 5:30 p.m.

Ang mga tao na may kapansanan sa pagsasalita o pagdinig ay maaaring gamitin ang TTY sa (877) 735-2929 (California Relay) Mga oras ng tanggapan lamang 7:00 a.m. - 4:30 p.m. o
4. Humiling ng isang pagbabago sa pamamagitan ng pagsulat at ipadala sa:

DPSS ADA Title II Coordinator
12860 Crossroads Parkway South
City of Industry, CA 91746

o i-email ito sa:

adahelp@dpss.lacounty.gov

Ang karamihan sa mga pagbabago ay ipagkakaloob sa oras na hiniling, ngunit ang ilan ay maaaring tumagal ng hanggang limang (5) araw ng trabaho upang suriin at ayusin.